

1

Bumaba mula sa kabayo si Mitchell. Narating na niya ang ituktok ng mababang burol, malapit na sa hangganan ng kanilang property. Ilang metro sa ibaba ay umaagos ang *Ilog Narusang*. Banayad ang agos ng hanggang tuhod na tubig dahil tag-init. Ngunit sa tuwing tag-ulan ay nagiging marahas ang current at inaabot ng lagpas anim na talampakan ang taas ng tubig doon.

May remnants ng isang lumang tulay na minsang nagdugtong sa kinatatayuan niya at ng kabilang baybayin ng ilog. Dati ay buo iyon at nagagamit nila sa pagtawid. Ngunit matapos sirain ng may-ari ang kalahating bahagi na nakadikit sa property nito, nawalan na ng silbi ang naturang tulay.

Itinali niya ang renda ni Black Mist sa katawan ng isang puno bago nilakad ang dulo ng sirang tulay. Naupo siya sa pinakagilid at tahimik na pinanood ang banayad na pag-agos ng tubig sa ibaba. The rhythmic sound of the water splashing against the rocks calmed him. Madalas siyang magpalipas ng oras dito, lalo kung nalulungkot siya at may malaking problemang dinadala.

Huminga siya nang malalim, malungkot na tinanaw ang kabilang ibayo. Katulad ng pinanggalingan niya, kakahuyan din ang hangganan ng property ng mga Guillermo. May trail sa loob noon na derechong patungo sa malawak na lupain ng mga ito. Like them, they were also in the cattle breeding business.

Ngunit higit na mayaman at maimpluwensya ang pamilya ni Claire, lalo ngayong ang dalaga na ang mismong humahawak ng lahat ng negosyo ng pamilya.

Si Claire...

How could he forget her? After all the years, and after all that had happened ten years ago, kaibigan pa rin ang turing niya sa dalaga. He missed her dearly. Kailan lang ay nabalitaan niyang nakauwi na ito mula sa siyam na taong pamamalagi at pagtatrabaho sa New Zealand. Kung tama ang tsismis na nakarating sa kanya, isang linggo na itong nasa kabilang hacienda.

If only the bridge was not broken, he could sneak inside their property and catch a glimpse of her. Puwede naman niya itong sadyain. Ang problema ay kung tatanggapin siya nito. Hindi naging maganda ang paghihiwalay nila. Taglay ng ng dalaga ang matinding galit at ang pagnanais na makapaghiganti sa kanila nang umalis ng Pilipinas.

He couldn't blame her. Malaki ang kasalanan niya rito. Siya ang dahilan kung bakit naulila ito sa ama.

Nakarinig siya ng papalapit na mga yabag ng kabayo. Tumayo siya at tinungo ang punong pinagtalian niya kay Black Mist. Sa di-kalayuan ay natanaw niya si Lauro, isa sa mga tauhan niya.

“Kuya Mitch,” tawag nito. Hinila nito ang renda ng sinasakyang thoroughbred. “Kanina ka pa hinahanap ni Inang,” tukoy nito sa yaya niyang si Nanay Lupe, na abuela rin nito. “May dumating na sulat para sa iyo, galing kay Atty. Castro.”

Bigla siyang kinabahan. Si Atty. Edcel Castro ang namamahala sa pagbebenta ng buong hacienda. Baka may buyer na itong nahanap.

“Gan'un ba? Sige, dadaan lang ako sandali sa pastulan at pagkatapos ay dederecho na ako ng uwi,” aniya.

“Baka kailangan mo ng tulong?”

Nginitian niya ang binatilyo. Ano bang tulong ang kakailanganin niya gayung lima na lang ang natitirang kabayo ng hacienda, bukod kay Black Mist at kay Braulo na gamit naman nito?

“Hindi na. Bumalik ka na sa bahay. Susunod na

ako.”

Tumango lang ito at saka pinatakbo ang kabayo palayo. Nagpakawala ng mabigat na hininga si Mitch. Nalulungkot siya dahil malapit nang mawala sa pagmamay-ari niya ang lupaing minana pa ng kanyang ama sa mga ninuno nito. But he had no choice. Hindi niya kayang bayaran ang malaking pagkakautang sa bangko kahit pa ilang ulit nang in-extend ng manager ang palugit.

Hindi kalakasan ang kita sa fruit farm at kadalasan ay sapat lang para sa pang-araw-araw na gastos nila at pasuweldo sa natitirang tauhan. Wala na ang mga baka at iilan na lamang ang mga kabayo. Matagal na ring naipasara ang dalawang cannery. Kung hindi sana naging pabaya ang Kuya Thomas niya sa pagpapatakbo ng hacienda mula nang mamatay ang kanilang papa, hindi ganito ang kanilang sitwasyon.

Sumampa siya kay Black Mist. Pinatakbo niya ito patungo sa pastulan na nasa kabilang panig lang ng burol. Walang saysay kung patuloy niyang sisihihin ang kapatid. He'd cling on to what little they have at the moment. Patuloy niyang pamamahalaan ang hacienda sa abot ng kanyang kakayahan. Hanggang sa dumating ang bagong may-ari. Then he would have

to give up his property and start anew somewhere.

Hindi pa man ay naninikip na ang dibdib niya.

He crossed an acre of woodland before getting to the pasture, a wide expanse of land covered with grasses and patches of alfalfa. Naroon ang limang kabayong abala sa panginginain. Nakasilong naman sa lilim ng isang puno ang dalawang bantay.

Muli siyang napabuntong-hininga. Parang kailan lang, hindi mabilang ang mga kabayong nanginginain dito. Ipinilig ni Mitchell ang ulo upang palisin ang panghihinayang at iginiya si Black Mist palayo sa lugar.

Sinalubong siya ni Nanay Lupe pagpasok niya sa malaking bahay. It was a typical two-storey Spanish villa; with white stucco walls, red terracotta roof tiles, wrought-iron stair railings and window grills and carved entry ways. Ginawa pa ito noong panahon ng Kastila. Sa likuran ay may swimming pool na yari sa basalt. May staff house din na nakahiwalay sa main house.

“May dumating nga palang sulat para sa iyo.”

Tinanguan ni Mitchell ang matanda. Ipinatong niya ang hinubad na cowboy hat sa trunk na nasa foyer at kinuha ang sulat mula sa kausap. Tinungo

niya ang hagdanan upang umakyat papunta sa kanyang silid.

Nang makapasok, bahagyang nanginginig ang mga daliri niya habang binubuksan ang sulat. May nakabili na nga ng hacienda, ayon kay Atty. Castro. At darating ang panibagong may-ari para pormal na pumirma sa deed of sale sa makalawa. Nahilot ng binata ang sentido. So he had reached the end of the line. The thought was depressing.

Nang sila ay naghahapunan nang gabing iyon, sinabi niya sa mga kasama ang nilalaman ng sulat. Katulad niya ay nalungkot din ang mga ito. Isa-isa niyang tinitigan ang mga kasalo. Si Nanay Lupe at ang apong si Lauro, ang kusinerang si Nanay Minda, si Eleonor na matanda lang nang ilang taon sa kanya at ina ni Lauro, ang asawa nitong si Gaspar, si Mang Baste na isa sa mga ranch hands... ito ang mga taong hindi tumalikod sa kanya at nanatili kahit pa sinabi niya noon na hindi na niya kayang tustusan ang suweldo ng mga ito. Pamilya na ang turing niya sa mga taong nakasama niya nang mahabang panahon.

At isang rason kung bakit siya nalulungkot ay dahil posibleng mapalayas pa ang mga ito sa lugar na pinagbuhusan na ng mga ito ng buong buhay. *Hacienda Llanzana* would not flourish if not for these

people.

“I... I’m sorry,” Kahit lalaki ay nag-init ang kanyang mga mata. “Hindi ko akalain na magiging ganito kabilis ang pagbebenta ng hacienda. I should’ve...” Tumikhim siya upang alisin ang bara sa lalamunan. “I should’ve done something.”

Hinawakan ni Nanay Lupe ang kanyang kamay at pinisil. Masuyo itong nakangiti nang sulyapan niya.

“Hindi ka nagpabaya, Mitch. Ginawa mong lahat ang makakaya mo para maisalba ang hacienda. At natutuwa kami dahil hanggang sa huli’y hindi ka sumuko.”

“Oo nga naman, Hijo. Nakita namin kung paano mong pinagsumikapang iangat muli itong hacienda. Sadya nga lang mahirap na,” dagdag ni Mang Baste.

“Kung inaalala mo kami, huwag ka nang mag-isip. Marami namang mapapasukang ibang trabaho sa bayan. At saka sobra-sobra na ang naitulong ng pamilya mo sa amin,” ani Eleonor. “Ikaw nga ang inaalala namin. Wala ka nang ibang kamag-anak.”

Ang nag-iisa niyang kapatid na si Thomas ay aksidenteng nabaril sa isang riot sa isang bar sa Manila. Ilang taon na rin itong patay.

“Kung gusto mo, Kuya, sa amin ka na lang makipisan. Kasya naman tayo sa kuwarto ko. Hindi ako malikot matulog,” sabi ni Lauro.

Gustong sumabog ng puso niya dahil sa pag-aalala ng mga kasama.

“Oo nga naman, Mitch. At saka kung di dahil sa papa mo, hindi rin kami magkakaroon ng sariling lupa’t bahay. Napakalaking bagay niyon para sa amin,” sabat ni Gaspar.

Noong nabubuhay pa ang kanyang papa, bumili ito ng katamtamang laking lote para pagtayuan ng low-cost housing para sa matatagal nang tauhan ng hacienda. Fortunately, hindi iyon kasama sa lupaing naibenta.

“Maraming salamat sa inyong lahat. Salamat sa lahat ng suporta ninyo. Pero hindi pa naman ako nawawalan ng pag-asa. Sa makalawa’y makikilala ko ang bagong may-ari nitong hacienda. Pakikiusapan ko siyang huwag kayong alisin sa trabaho.”

Nagliwanag ang mukha ng mga kaharap niya.

“Gagawin mo talaga iyon, Mitch?” tanong ni Nanay Minda. Hindi pa siya ipinapanganak ay kusinera na ito ng pamilya. Ni hindi na ito nakapag-asawa at mag-isa lang na naninirahan sa bahay na

ibinigay rito ng kanyang papa.

“Opo. Hindi ko kayang mangako. Basta’t gagawin ko ang lahat para hindi kayo mapaalis sa mga trabaho ninyo.”

Kung kanina ay halos pagsakluban ng langit at lupa ang atmosphere sa hapag, kahit paano ay nakaaninaw ng pag-asa ang mga kasama ng binata. At sapat na ang ngiti ng mga ito para bigyan siya ng panibagong lakas ng loob. This would be his last fight for *Hacienda Llanzana*. Sana lang ay bigyan siya ng suwerte ng langit.

Nagpalipas ng oras si Mitchell sa isang coffee shop na malapit lang sa law office ni Atty. Castro. Beinte minutos pa ang nalalabi bago ang naka-set na meeting nila. Um-order siya ng iced tea. He needed time to calm his senses. Hindi madali sa kanya na isuko ang property na nasa angkan na nila sa loob ng lampas isang siglo.

Makalipas ang sampung minuto ay lumabas na siya ng coffee shop at nilakad ang maikling distansya patungo sa opisina ng abogado.

“Maupo ka, Mitchell.” Pinapasok siya ng matanda sa private room nito. “How are you, Hijo?” nag-

aalalang tanong nito.

“Mabuti naman, Attorney.”

“Siguro’y alam mo na kung bakit kita pinapunta dito.”

“Nabasa ko ang sulat ninyo. Nabigla nga po ako. Parang masyado namang mabilis. Isang linggo pa lang na nailagay sa listing ng mga *For Sale* properties ang *Hacienda Llanzana*.”

Sa halip na tuluyang mailit ang property, pinayuhan siya ng kaibigan niyang bank manager na si Ed na ibenta na lamang ang hacienda. That way, maitataas pa niya nang kaunti kaysa sa appraisal ng bangko ang selling price ng lupain. Mababayaran niya ang pagkakautang sa bangko at may kaunti pang matitira na puwede niyang magamit sa pagsisimula muli. It wasn’t a usual practice pero dahil kaibigan nga niya ito, Ed was willing to go through all lengths to help him.

“Ako ma’y nagulat din. Pero hindi naman kasi iyon imposible and considering the reasonable price that you offered, hindi nakapagtataakang marami kaagad ang magkainteres na bilhin ang hacienda.”

“Nakaharap n’yo na po ba ang buyer?”

Umiling ang abogado. “An agent contacted and informed me. Ngayon ko pa lang din makikilala ang buyer.”

Nasa kalagitnaan sila ng pag-uusap nang pumasok ang sekretarya nito. Nasa labas na raw ang mga bisitang hinihintay nila.

“Papasukin mo na sila, Elsie.”

Ilang segundo lang ang nakalipas ay muling bumukas ang pinto ng opisina ni Atty. Castro. Pigil ni Mitch ang hininga nang pumasok ang isang pareha. He needed to blink several times para siguruhing hindi siya namamalikmata lang.

“Mr. Llanzana, Atty. Castro... sorry to have kept you waiting,” sabi ng lalaki.

Wala sa sariling tumayo si Mitchell. Nakatuon ang buong pansin niya sa dalagang titig na titig din sa kanya. May naglalarong isang mapanghalinang ngiti sa mga labi nito.

“C-Claire?” di-makapaniwalang tanong niya. Her smile turned into a cynical grin.

“How do you do, Mitchell?” walang emosyong ganting tanong nito.

2

Thirteen years ago...

“I can’t believe na maiisipan mong makipagkasundo na sa mga Guillermo, Papa.” Malakas ang tinig ng nakatatandang kapatid ni Mitchell na si Thomas habang kausap ang kanilang ama. Pitong taon ang tanda nito sa kanya. At ito ang right-hand man ng papa niya sa pagpapatakbo ng hacienda.

“Bakit hindi? Masyado nang matagal ang hidwaan sa pagitan natin at ng mga Guillermo. Kung tutuusin, wala nga isa man sa amin ang nakakaalam ng pinag-ugatan ng away na ito.”

“You know why. Hindi ba’t ninakaw ng mga Guillermo ang lupang dapat sana’y sa atin?”

“Thomas, panahon pa ng Kastila nangyari iyon. And they were just speculations. Kahit ang lolo mo’y hindi tiyak kung iyon nga ang dahilan kung bakit naging kaaway natin ang mga Guillermo.”

Umismid lang ang binata.

“Sa halip na pinoproblema mo kung sino ang nangamkam ng lupa ng may lupa, bakit hindi mo na

lang pagsumikapang palaguin kung ano'ng mayroon tayo? We have more than enough, Thomas.”

“Not for long, Papa. Sa ugali mo, baka isang araw ay magising na lang tayong mas mayaman na sa atin ang mga katulong.”

“Oh, come on!” ani Don Bernardo na ikinampay pa ang dalawang braso sa hangin. “Issue pa rin ba sa iyo hanggang ngayon iyong pagbibigay ko ng bahay at lupa sa mga tauhan natin? Thomas, those people have been with the family even before you were born. Dito na sila tumanda't nagkapamilya. At kung mamalasin, baka dito na rin sila mamatay. They deserve a little compensation for their hard work and loyalty. Ano'ng mahirap unawain doon?”

“Kahit pa! Hindi pa rin ako sang-ayon. Lalo na sa pakikipagkasundo ninyo sa mga Guillermo.”

Tumalim ang mga mata ng kanyang papa.

“Hindi ko hinihingi ang pagsang-ayon mo. This senseless feud had alienated us far too long. Nakausap ko na si Manuel. At maging siya'y sang-ayon na wakasan na namin ang walang saysay na away na ito. Kung anuman ang nangyari noon sa mga ninuno natin, wala na tayong kinalaman doon.”

Nahalata ni Mitchell na hindi pa rin sang-ayon

ang kanyang kuya. Thomas Llanzana was a bit of an imprudent and irrational man. Mula noon pa man ay sakit na ito ng ulo ng kanyang ama. Nag-aaral pa siya at wala lang itong choice kaya ginawang kanang-kamay ang panganay na kapatid. Ngunit hindi lingid sa kanyang ama na marami sa kanilang tauhan ang ilag dito. Marami rin ang galit.

“Sa makalawa’y tutungo tayo sa *Hacienda Guillermo* upang pormal na makipagkasundo.”

“Hindi ako sasama!” matigas na sabi ni Thomas. Don Bernardo just eyed him coldly.

“Hindi kita pinipilit. Honestly, I think it will be much better if you don’t come.”

Nagdilim ang mukha ng kanyang kapatid. Nagtagis ang mga bagang nito at kumuyom ang mga kamao. Matapos makipagsukatan ng titig sa kanilang ama ay lumabas na ito ng den at pabalibag na isinara ang pinto.

Malalim na bumuntong-hininga ang matandang Llanzana. Parang pagod na pagod itong umupo sa couch. He came in through the connecting door from the library.

“Nag-away na naman kayo ni Kuya.” It was a statement. Hindi na nagtaka ang kanyang ama dahil

kanina pa nito alam na nasa library siya.

“You know how impossible your brother is. Hindi ko maintindihan kung saan nanggagaling ang sobrang hatred niya sa mga Guillermo.”

“He hates everyone, Papa. Kahit nga sa akin ay galit siya.” They weren’t close as siblings.

“I know. At nagpapasalamat ako’t hindi mo na lamang siya pinapatulan.”

“He’s still my brother. At wala ring magandang idudulot kung papatulan ko siya.” Umupo siya sa single sofa na kaharap ng inuupuan nito. “Totoo bang nagkasundo na kayo ni Don Manuel na tapusin na ang alitan sa pagitan ng ating mga pamilya?”

Tumango ito. “Hindi ka rin ba sang-ayon?”

“On the contrary, Papa, matagal ko na nga sanang gustong i-suggest sa inyo na makipagkasundo na kay Don Manuel.”

“Dahil?” anito, nanunukso ang ngiti.

He chuckled. Kilalang-kilala talaga siya nito. Batid nitong may lihim siyang dahilan.

Nagkibit-balikat si Mitchell. “Wala lang. Hindi ba masaya iyong wala kang iniwasan kapag naglilibot

ka sa labas ng hacienda? Nasa iisang bayan lang tayo, after all.”

“Hmm...” Nagdududang tinitigan siya nito. “Nabanggit nga pala ni Manuel sa akin na umuwi ang unica hija niyang si Claire mula sa New Zealand.” Matagal nang hiwalay ang mag-asawang Guillermo. Sa New Zealand na naninirahan ang dating asawa ni Don Manuel na si Prescilla. “Balita ko’y dito magbabakasyon si Claire. She might stay here for good.”

“That’s good,” aniyang pilit itinago ang pananabik sa tinig. Claire was thirteen years old, for Pete’s sake! Hindi siya dapat nakakadama ng paghanga sa isang bata.

“So, sasama ka sa makalawa?” tanong ng matanda.

“Of course. I wouldn’t miss it for the world.”

Sabado ng gabi ang usapan. Wala pang alas siete ay lulan na sila ng pick-up at bumibyahe na patungo sa kabilang hacienda. Katabi ni Mitchell sa unahan ang driver. Nasa likod naman ang kanyang ama katabi ang ilang bilao ng pagkain at dalawang bote ng mamahaling alak. Ilang minuto pa’y huminto

na ang sasakyan sa malawak na porch ng Guillermo mansion. Kung ang bahay nila ay Spanish-inspired ang architecture, ang malaking bahay naman ng mga Guillermo ay isinunod ang disenyo sa mga plantation houses sa Amerika.

“Bernardo!” bungad ng matandang sumalubong sa kanila. “Mabuti naman at nakarating ka.”

“Hindi ko palalagpasin ang pagkakataong ito, Manuel,” sagot ng kanyang papa na nakipagkamay pa sa kausap. “Nagdala nga pala kami ng kaunting mapagsasaluhan natin.”

Lumapit siya sa tinawag nitong katulong at iniabot ang tatlong bilao ng pagkaing niluto ni Nanay Minda. Ibinigay naman ng kanyang ama ang dalawang bote ng alak kay Don Manuel.

“Please come in.” Sa loob ay nadatnan nila ang isang babaeng sa tingin niya ay kaedad lang ng Kuya Thomas niya. Maganda at sexy ito. At hindi mukhang katulong. Hindi mahirap isipin kung ano ang posisyon nito sa pamamahay ni Don Manuel. “Isadora, pakisabi kay Luz na ihanda na ang hapag para makapaghapunan na tayo. Pakitawag na rin si Claire sa itaas.”

Hindi niya alam kung siya lang ang nakapansin.

Pero sumimangot ang babae sa pag-uutos ng matanda. Pero sumunod naman ito. Ilang sandali pa'y muli itong lumabas at sinabing nakahain na ang mesa.

“And where is my daughter?”

“I’m here, Daddy.”

Kaagad niyang hinanap ang pinagmulan ng girlish na tinig. Isang dalagitang naka-jumper at naka-ponytail ang buhok ang naglalakad palapit sa kanila. Malapad ang pagkakangiti nito.

“Claire, I’d like you to meet our neighbor, Don Bernardo Llanzana and his son, Mitchell.” She shook hands with his father and him. Pinigil lang niya ang sariling bahagyang pisilin ang malambot na kamay nito.

He had seen Claire when he was fifteen and she was ten. Crazy as it may seem, nagkaroon na siya ng crush sa bata. Her doll-like eyes and honey-colored hair entranced him. With her oval face, pert nose and Cupid’s bow lips, she was captivating.

She was starting to blossom into a raving beauty. Ilang taon pa at marami nang manliligaw rito.

“Your daughter is quite a beauty, Manuel. Tiyak na maraming paluluhuring binata itong unica hija

mo pagdating ng araw.”

Bahagyang namula ang magkabilang pisngi nito sa simpleng papuri.

“Ano sa palagay mo, Mitchell?” baling sa kanya ng kanyang ama.

Para siyang nagising sa isang malalim na panaginip. Ipinilig niya ang ulo at nahihiyang sumulyap sa mag-ama.

“My father’s right. You’re very beautiful,” aniyang nakatingin sa dalagita.

“Well, kung may nagbabalak nang umakyat ng ligaw dito sa anak ko, they better wait for a few more years. She’s very much still a kid. Ni hindi pa nga humihinto sa pag-inom ng gatas ito,” ani Don Manuel.

“Daddy!” maktol ng dalagita. Nanulis ang nguso nito nang umugong ang tawanan sa loob ng sala.

The dinner was splendid. Lima lamang sila sa hapag ngunit daig pa ang may okasyon sa dami ng pagkain. Panay ang kuwento ni Claire. Si Isadora ay tahimik lang na nakamasid sa kanila habang kumakain.

Pagkatapos ng hapunan ay pumasok na sa den ang dalawang matanda upang pormal na mag-usap.

Inaya naman siya ng dalagita na maglibot sa paligid ng mansyon.

“Is Isadora your stepmother?”

“Sort of,” sagot nito. “Hindi naman sila kasal ni Daddy. Although para na rin siyang asawa nito kung umasta. Kung minsan nga’y daig pa ako kung makautos sa mga katulong.” Hindi nakaligtas sa kanya ang iritadong tinig nito.

“You don’t like her?” tanong niya. Malalim itong bumuntong-hininga at isinayaw ang dalawang braso sa magkabilang tagiliran habang naglalakad.

“I don’t know. I don’t hate her. At tanggap ko na naman ang relasyon nila ng Daddy. I guess, nami-miss ko lang iyong time na magkasama pa ang mga magulang ko.”

“Nothing compares to the joy of having your real family beside you. Pero may mga bagay talaga na wala na sa ating control.”

“Tama ka.” Sumulyap ito sa kanya at ngumiti. “Hindi ko alam na kalapit-hacienda lang namin kayo. Bakit ngayon lang kayo nagawi dito sa amin? Ngayon lang kita nakilala.”

“Hindi ba naikukuwento sa ’yo ng daddy mo?”

'Yung tungkol sa feud between our families.' Umiling si Claire. Pahapyaw niyang ikinuwento rito ang nalalaman niya.

“That’s ridiculous!” bulalas nito. “Bakit kailangang madamay ang mga sumunod na generations sa isang away na mahigit isang siglo nang naganap?”

“My thoughts exactly.” Puno ng paghangang tinitigan ni Mitchell ang kausap. Only thirteen and yet mas malawak pa ang pang-unawa nito kaysa Kuya Thomas niya.

Narating nila ang isang gazebo.

“Wala bang ubusan ng lahing naganap? ’Yun bang katulad sa mga Muslims.”

“Sa pagkakaalam ko, wala naman. Mabuti nga’t nag-decide na ang mga fathers natin na tapusin na itong walang sense na away.”

“I’m glad, too. And I’m glad na nakilala kita,” anitong ikiniling pa ang ulo at matamis na ngumiti.

“Huwag mong gagawin iyan sa harap ng ibang lalaki,” he said with amusement. Nangunot ang noo nito.

“Gawin ang ano?”

“Being overly friendly and cute. Mahahalikan ka nang wala sa oras.”

Namilog pang lalo ang mga mata ni Claire at umawang ang mga labi sa pagkabigla. She looked so innocent, so honest. Kailangan niyang paulit-ulit na ipaalala sa sarili na napakabata pa nito. Kanina pa kasi siya natutuksong halikan ang dalagita.

“I... I’m sorry,” anitong pulang-pula ang mukha. Yumuko ito. “H-hindi ko alam,” nahihiyang bulong nito.

“It’s not your fault. It’s in your nature to be charming. At hindi mo kasalanang ipinanganak kang maganda.”

Salubong ang mga kilay na sinulyapan siya nito.

“Kapag naging ganap ka nang dalaga, maraming lalaki ang magnanais mapalapit sa iyo.”

“Isa ka ba sa mga lalaking iyon?” she asked with the obvious curiosity of a thirteen-year-old.

“Yes,” pag-amin niya. “Pero iyon ay kung papayagan mo.”

Sandali itong nag-isip, pagkuwan ay nagkibit ito ng balikat.

Forever And A Day - Doreen Laroya

“Mabait ka at gentleman. Magaan ang loob ko sa 'yo. I think I like you.”

“Mabuti naman.” Ibig lang sabihin, may pag-asa siya. Sana lang ay hindi magbago ang tingin nito sa kanya sa paglipas ng mga taon.

3

“Ano ba kasi ang gagawin mo sa mga batong ito?” tanong ni Mitch. Pareho silang namumulot ng maliliit na bato sa gilid ng ilog.

Tatlong taon na ang nagdaan mula nang personal silang magkakilala. And they had been best friends since then. Ang ilog ang paborito nilang tambayan kapag may oras sila para magkita. Tuwing weekends ay umuuwi siya sa mansyon mula sa boarding house at si Claire kaagad ang dinadalaw niya. Hindi na ito bumalik ng New Zealand at sa bayan na ipinagpatuloy ang pag-aaral ng high school.

Hindi na mahirap tumawid ng hacienda ngayon dahil sa tulay na ipinagawa ng kanilang mga ama na nagdurugtong sa dalawang property. They would often ride together and explore the woods. At sa bawat minutong kasama niya ang dalagita, lalong tumitindi ang nararamdaman niya para rito.

“Ilalagay ko nga kasi sa aquarium ko. Tulungan mo akong mag-set up pagkatapos, ha?”

“Basta ba ipaghahanda mo ako ng merienda.”

Nakapamaywang na binalingan siya ng babae.

Nagsisimula nang lumabas ang magandang hubog ng katawan nito. Nagsisimula na ring bumilog ang dibdib at lumapad ang balakang ng kausap.

“Kailan ba kita ginutom kapag nanghingi ako ng pabor sa 'yo?”

Tinawanan niya ang babae. May kapilyuhang pumasok sa kanyang utak. Sinabuyan niya ito ng tubig. Napasigaw si Claire nang tumama sa mukha nito ang malamig na tubig. With eyes glaring, ginaya nito ang ginawa niya. Ilang minuto pa'y basang-basa na sila pareho.

“Tama na. Suko na 'ko,” humihingal na sabi nito. Pulang-pula ito sa katatawa. Tumutulo ang tubig mula sa basang navy blue t-shirt at walking shorts na suot nito. Hinubad niya ang t-shirt, binanlawan sa ilog at piniga bago ipinunas sa mukha at braso nito.

“Halika na. Kailangan mong magpalit ng damit at baka magkasakit ka pa.”

Nakamata lang ito sa kanya. Her eyes kept darting down his naked torso. Isinuot niyang muli ang basang t-shirt hindi dahil hindi niya gusto ang paraan ng pagtitig nito sa katawan niya. Her stare was starting to make him uneasy.

Inakay niya ito paakyat ng dalisdis na kinaroroonan

ng kanilang mga kabayo. Matapos itong tulungang makasampa ay sumakay na rin siya kay Lancaster, ang stallion na regalo sa kanya ng kanyang papa.

“Race you back to the house!”

Bago pa siya makahuma ay napatakbo na ni Claire ang kabayo nito. Nailang na pinitik niya ang renda at pinatakbo si Lancaster. Halos sabay silang nakarating sa mansyon.

“My God, ano’ng nangyari sa inyo? Bakit basang-basa kayo, Claire?” salubong kaagad ni Isadora.

Pasimpleng sumulyap sa kanya si Claire at inikot ang mga mata. Muntik na siyang bumunghalit ng tawa.

“Naglaro lang kami sa ilog, Tita Isadora.”

“Naglaro sa ilog? Kayong dalawa? *Por Dios*, Claire, dalaga ka na! At hindi ka dapat sumasama sa isang lalaki nang walang bantay.”

Mitchell raised one brow in surprise. Isadora treated him civilly kahit pa may kutob na siyang hindi siya nito gusto para kay Claire. Bale-wala naman sa kanya iyon. Malapit siya kay Don Manuel. At may tiwala naman ito sa kanya pagdating sa anak nito. At sapat na iyon sa kanya.

“Mitch’s my friend, Tita. At wala kaming ginagawang masama. Huwag ninyong lagyan ng malisya ang pagiging magkaibigan namin.”

A wicked grin curved his lips when she literally ignored the woman afterwards. She took his hand and led him to the foyer.

“Sorry about that,” hingi nito ng paumanhin.

“Okay lang. Kayang-kaya mo naman akong ipagtanggol sa tita mo.”

Sumimangot ito. “Ewan ko ba kung bakit masyadong OA ang babaeng ’yun. As if naman naglalampungan tayo sa ilog.”

Bigla siyang humagalpak ng tawa. Bumungisngis din ito. “Kailan mo ako tutulongang i-set up ’yung aquarium ko?”

“I’ll just go home and change. Babalik din ako pagkatapos.”

Her face beamed. “Dito ka na kumain ng dinner.”

“Uhm... I might give your stepmother an indigestion,” biro niya. She pouted her lips adoringly.

“Hayaan mo siya.”

Muli siyang humagalpak ng tawa. “Sige na,

pumasok ka na. Matutuyo na 'yang damit mo. Baka magkasakit ka pa.”

“Ikaw rin. Hihintayin kita.”

He blew her a kiss na ikinapula ng mga pisngi nito. She smiled at him warmly.

“Sinasabi ko sa iyo, Manuel. Hindi mo dapat hinahayaang sumasama ang anak mo sa Mitchell na iyon.” Malakas ang tinig ng babae habang kausap ang don. Nasa den ang dalawa.

“Natitiyak kong may motibo ang lalaking iyon kaya masyadong malapit sa anak mo,” dagdag pa nito.

“Magkaibigan sila, Isadora. Wala namang ginagawang mahalay ang mga bata. At hindi ko rin nakikitang lumalagpas sa dapat si Mitchell. Sa totoo lang, mas palagay ang loob ko kung ang binatang iyon ang kasama ni Claire sa halip na kung sinong kaibigan lang niya.”

“Pero, Manuel...”

“Just let them be. May tiwala ako sa anak ko. Pinalaki namin siya nang maayos ni Prescilla, kaya't natitiyak kong hindi niya ako bibigyan ng kahihyan.

Ganoon din si Mitchell. Isa siyang marangal at maginoong lalaki.”

“Paano kung mahulog ang loob nila sa isa’t isa? Paano kung hindi na lang pagiging magkaibigan ang gusto nila?”

Sandaling nag-isip ang matanda. May ngiting binalingan nito si Isadora. “Then I would be the happiest father on earth kung ganoon nga ang mangyayari.”

Nanlaki ang mga mata ng babae sa pagkagulat. “Ibig mong sabihin, hahayaan mong magkaroon ng karapatan ang isang Llanzana sa kayamanan ng mga Guillermo? Sinasabi ko sa iyong iyon ang mangyayari kapag hindi mo pinaghiwalay ang dalawang iyon.”

“I don’t care, Isadora! All I care about is my daughter’s happiness. Kung magiging masaya siya kay Mitchell then I would be happy for her. I wouldn’t mind sharing this fortune with anyone. Besides, hindi ako naniniwalang gustong kamkamin ni Mitchell ang yaman ng mga Guillermo. That man has a good heart. Much like his father.”

“Nasisiraan ka na ng bait!” pigil ni Isadora ang inis. Alam nitong hindi rin ito mananalo kaya lumabas na lang ito ng den. Bale-wala namang umupo si Don

Manuel sa sofa at binasa ang mga papeles na nasa ibabaw ng maliit na mesa.

“Dad?”

Tiningala nito ang anak. Inilapag ni Claire ang tray na may lamang dalawang tasa ng kape at sandwiches.

“I thought we’d have snack together. Nakasalubong ko nga pala si Tita Isadora. Bakit parang galit yata?”

Malalim itong bumuntong-hininga.

“Nagsumbong siya sa akin. Umuwi daw kayo ni Mitch na parehong basang-basa.”

“Oh, that.” Humagikgik siya. Sa pagitan ng pagnugya ay ikinuwento niya ang nangyari sa ilog. “Umuwi lang siya para magbihis. Tutulungan daw niya akong i-set up ang aquarium ko.”

“You’re very fond of him, aren’t you?”

“Masaya siyang kasama. He never fails to make me laugh. And he’s the epitome of the perfect gentleman.”

“And not to mention he’s handsome.”

She couldn’t agree with her father more. Sa tuwing namamasyal sila sa bayan ay hindi mabilang

ang mga babaeng nagpapa-cute kay Mitchell. At hindi rin niya maintindihan kung bakit siya nakakaramdam ng selos.

“Sigurado ka bang gusto mo lang siya? Hindi kaya...?”

“Dad,” namumulang saway niya sa ama. “Kilala ko iyang tono mo. At masyado pa akong bata para—”

“No one is too young or too old to fall in love, Claire. Love is an emotion, not something we can expect at a specific point in our lives. I fell in love with your mother when I was fifteen.”

“So ibig sabihin, okay lang na ma-in love ako kay Mitch kahit sixteen lang ako?”

“Of course! There’s nothing wrong with that.”

“P-pero paano ’yung... ’yung ano...”

“The intimacy? Do you think Mitch will take advantage if he discovers you love him?” balik ni Don Manuel.

She fell deep in thoughts. “I don’t think he will,” she answered honestly. Her father smiled approvingly.

“You see, there’s a difference between loving someone and lusting over someone. Kids your age,

they naturally are curious about sex. Kapag humanga sila sa isang tao, ang akala nila ay pag-ibig na iyon. When in fact, humahanap lang sila ng rason para masatisfy ang curiosity nila. They couldn't wait. That is lust." Sinulyapan siya ng kausap. "But love, it comes with respect. It is aware of responsibilities. Although love without intimacy is not passionate love at all, it knows the perfect timing for everything. Love knows how to wait."

She took to heart every word of her father.

"Pareho kaming teenager ng mommy mo nang maging magkasintahan kami. We did kiss a lot but we waited until we were married bago kami nagsalo sa isang kama. Not that we didn't desire each other. Your mother was one irresistible female and I had to exert my utmost self-control when I'm with her." Napabungisngis siya sa tinuran nito. "Our first wedding night was the most memorable night of my life. It was heavenly."

"Hindi mo pa rin iyon nakakalimutan after all the years, Dad."

"You never forget memories as good as that."

"Pero b-bakit kayo naghiwalay?"

Umiling ang matanda. "I don't know. Maybe her

love for me wasn't as strong as my love for her. Or maybe she just fell out of love one day. Kasalanan ko rin dahil nagkulang ako ng panahon sa kanya. When she asked me for an annulment, maluwag sa loob kong ibinigay iyon."

"But why? Hindi ba dapat ipinaglaban mo siya kung talagang mahal mo siya?"

"Hindi na siya masaya sa piling ko, Claire. And when you truly love someone, sometimes it's best to let them go even if it hurts like hell."

"Oh, Daddy..."

Masuyo siyang tinitigan ng kanyang ama. "I have never stopped loving your mother. Pero mas maganda na ang relasyon namin ngayon. Maybe we're not really meant to be lovers but as best friends. Hindi man kami madalas magkita at kahit may sarili na kaming landas na tinatahak, we're closer now than before. At alam mo iyan."

It was true. Parang magkabarkada lang ang turingan ngayon ng mga magulang niya. And they both supported each other unconditionally.

"Now don't get me wrong. Huwag mong isipin na mangyayari rin sa iyo ang nangyari sa amin ng mommy mo. You have your own love story, Claire."

Hinaplos ni Don Manuel ang buhok niya at pinisil pa ang kanyang baba. “You look exactly like her. You’re exceptional. I’m sure kung ano ang nakikita ko sa ’yo, iyon din ang nakikita ni Mitch. He will make you very happy.”

“I’m sure he will. But we’re forgetting something. Hindi naman natin tiyak kung gusto rin ako ni Mitch.”

The older man scoffed. “Walang matinong lalaking tatanggi sa iyo.”

“Daddy, biased ka naman.”

Kinabig siya nito at niyakap.

Samantala ay bumalik si Isadora sa den. Huminto ito sa tabi ng pinto nang marinig ang pinag-uusapan ng mag-ama. Lalong nag-apoy ang kinikimkim nitong galit. Matalim ang mga matang bumalik ito sa sala. Nagsalin ito ng whiskey sa isang baso.

She had to do something. Pumayag si Manuel na manatili siya sa mansyon, ngunit wala siyang pinanghahawakang karapatan. She was still the mistress dahil hanggang ngayon, sa kabila ng limang taong pakikisama niya rito, hindi pa rin siya pinakakasalan nito. He didn’t love her so she was not indispensable.

*No! Hindi ako papayag na mapalayas sa mansyon.
Akin ang kayamanan ng mga Guillermo!*

Pero paano niya maaangkin ang inaasam? She couldn't control the father. She couldn't control the daughter. It was bad enough na nagkasundo ang dalawang magkaaway na pamilya. Nanganganib pang magkaroon ng kaugnayan ang mga ito dahil kina Claire at Mitchell. Kapag nangyari iyon, lalo lang hihina ang kapit niya kay Manuel. Lalo siyang mahihirapang makuha ang kayamanan ng mga Guillermo.

If only things were back to the way they were before. May isang idea na pumasok sa utak niya at bigla siyang napangiti.

“Mukhang seryoso ka na sa anak ni Don Manuel,” puna ni Thomas nang sabihin niyang babalik siya sa *Hacienda Guillermo*.

“Mainam iyan. Paibigin mo siya. Iyon na ang pinakamagandang paraan para mabawi natin ang lupang ninakaw lang nila. Kapag nakasal kayo, magkakaroon ka ng karapatan sa buong *Hacienda Guillermo*,” dagdag pa nito.

Iyon ang eksaktong nadatnan at narinig ni Claire.

Nagpunta siya sa villa para sunduin ang kaibigan. Di-sinasadyang narinig niyang kinakausap ito ng kapatid. Hindi nagsasalita si Mitchell. That must mean na sang-ayon ito sa tinuran ni Thomas. Hindi niya kayang ipaliwanag ang sakit na nararamdaman.

Tama pala ang Tita Isadora niya. May motibo si Mitchell kaya mabait ito sa kanya. Nais lang nitong makuha ang kontrol sa buong *Hacienda Guillermo*. Mapait siyang napangiti. Ang tanga lang niya. She misread everything. She trusted a man not worth trusting. Ang masakit pa, pati ang daddy niya ay ang taas ng tingin sa binata.

Tahimik siyang lumabas ng villa at sumakay kay Angelfire. Panay ang punas niya ng mga pisngi habang tumatakbo ang kabayo. She felt so betrayed.